
## Year 1 Phonics Screening Check

Information for parents and carers

# Pagsusuri ng Palabigkasan sa Year 1

## Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga



## Ano ang palabigkasan (phonics)?

Ang phonics ay ang ugnayan sa pagitan ng mga titik at mga tunog at ito ay mahalaga para sa pag-aaral ng pagbasa. Nahihirapang mag-aral sa pagbabasa ang ilang mga bata, kaya mahalagang matukoy kaagad ang mga batang ito. Sa ganitong paraan, ang mga guro ay maaaring makapagplano para sa anumang partikular na suportang maaari nilang kakailanganin.

### Ano ang Pagsusuri ng Palabigkasan sa Year 1?

Ang Pagsusuri ng Palabigkasan sa Year 1 (Year 1 Phonics Screening Check) ay isang maikling pagtatasa sa buong estado na nagsasabi sa mga guro kung paano umuunlad ang iyong anak sa palabigkasan. Ang pagsusuring ito ay nag-oobserba kung gaano nakakabasa ang iyong anak ng mga salitang Ingles na may iba't-ibang mga kombinasyon ng titik. Ang iyong anak ay kasamang uupo ng isang guro at hihilinging basahin nang malakas ang 40 mga salita. Kabilang sa mga salitang ito ang 20 tunay na mga salita at 20 walang katuturan na mga salita. Ang layunin ng mga walang katuturan na salita ay upang makita kung magagamit ng mag-aaral ang kanilang kaalaman sa paghahalo upang mabasa ang isang salita at hindi dahil sa kanilang pagkakatandaan sa salitang nakita na nila noon. Kadalasang nagtatagal ang pagsusuri ng 5-7 minuto. Kung nahihirapan ang iyong anak, ihihinto ng guro ang pagsusuri. Maingat na iinisenyo ang pagsusuri upang hindi nakababahala sa inyong anak.

Ang pangunahing layunin ng Pagsuri ng Palabigkasan sa Year 1 ay upang mabigyan ang guro ng iyong anak ng impormasyon na magbibigay-sa kanila na planuhin ang pag-aaral ng iyong anak. Ang bawat bata ay isa-isang tatasahin ng isang guro. Lahat ng mga mag-aaral sa Year 1 ay matatasa.

### Bakit mahalaga ang palabigkasan?

Ang kaalaman at kakayahan sa palabigkasan ay kinakailangan para sa pag-aaral ng pagbasa at pagsulat sa Ingles. Upang magtagumpay, kailangang matutunan ng mga mag-aaral ang mga tunog na kinakatawan ng indibidwal na mga titik o iba't-ibang mga kombinasyon ng mga titik, at ang kasanayan sa paghahalo ng mga tunog na ito upang magbasa ng mga salita. Kailangang matutunan ng mga nag-uumpisang magbasa kung paano maghalo ng mga tunog sa mga salita nang mabilis at matatas, upang hindi maabala ang daloy ng pagbabasa at ang kanilang pag-unawa sa paksa.

Mangyaring makipag-ugnay sa paaralan kung mayroon kayong anumang mga tanong tungkol sa Pagsusuri ng Palabigkasan sa Year 1 (Year 1 Phonics Screening Check).

### Serbisyo ng Pag-iinterprete sa Telepono

Kung kinakailangan ninyo ng tulong ng interpreter upang makipag-ugnay sa paaralan, pakitawagan ang 131 450, sabihin sa opereytor kung anong wika ang kinakailangan mo at hilingin sa kanila na tumawag sa paaralan. Kukuha ang opereytor ng isang interpreter sa linya upang matulungan kayo sa iyong pag-uusap. Hindi ka sisingilin para sa serbisyong ito.